



MENSAHE NG SUPERINTENDENTE

Abril 2, 2021

Gusto kong hilingin na magkaroon ang ating buong komunidad ng distrito ng paaralan ng ligtas, malusog, maginhawa, at masayang Spring Break sa susunod na linggo! Nasa ibaba ang ilang mahahalagang update sa aming pangunahing pagpapalano para sa mga pasilidad, aming susunod na Sesyon ng Pag-aaral ng Lupon, aming mga plano sa muling pagbubukas, at ilang paparating na event.

PANGUNAHING PAGPAPLANO PARA SA MGA PASILIDAD

Bagama't naging mahusay ang Banning Unified School District sa pagmimintina ng mga pasilidad nito sa paglipas ng mga taon, ang ating mga paaralan at imprastruktura ay tumatanda na at nangangailangan ng pansin. Ang lupon ng paaralan at administrasyon ng distrito ay isinasali ang ating komunidad sa napakahalagang isyu na ito habang nagpapalano kami para sa hinaharap.

Sa mga nagdaang taon, naging limitado ang mga pamumuhunan sa mga pagpapaganda ng mga pangunahing pasilidad. Kami ngayon ay nasa punto kung saan maaaring makahadlang ang aming mga kasalukuyang pasilidad sa aming kakayahang magbigay ng ika-21 siglong mga oportunidad sa pag-aaral sa aming mga mag-aaral. Muli naming itatayo at isasamoderno ang mga pasilidad ng aming paaralan at magdaragdag ng mga makabagong programa para manataling mapagkumpitensya sa akademiko at propesyonal na paraan at para magbigay sa aming mga mag-aaral at sa komunidad ng de-kalidad at world-class na sistema ng paaralan na nararapat sa Banning.

Dapat naming suriin ang pangangailangan ng aming mga pasilidad at dapat kaming gumawa ng pangunahing plano para matugunan ang mga ito. Ang pangunahing plano para sa mga pasilidad ay sasakupin ang pagmimintina at mga operasyon na sumusuporta sa mga ugnayang pangkomunidad, yamang tao, teknolohiya, pagtuturo, at negosyo. Mapapabilang ito sa mga puwersang nagtutulak sa amin habang papalapit kami sa hinaharap ng aming mga paaralan.

SESYON NG PAG-AARAL NG LUPON ABRIL 10

Sa Sabado, Abril 10, idaraos namin ang aming ikalawang Virtual na Sesyon ng Pag-aaral ng Lupon para sa mga Pasilidad. Ang layunin ng pulong na ito ay ipatungkol ang mga pangangailangang pangkalusugan at pangkaligtasan para sa mga de-kalidad na espasyo sa pag-aaral sa buong distrito.

Sasamahan ang sesyon na ito ng diskusyon at balangkas ng mga yugto ng modernisasyon upang magka-access ang aming mga kawani at mag-aaral sa mga de-kalidad na espasyo sa pagtatrabaho at pag-aaral, na may malinis na hangin, mga de-kalidad na pinagmumulan ng tubig, at ligtas na imprastruktura.

Ang event sa Abril 10 ay mula 9:00 ng umaga hangang 12:00 ng tanghali. Para sumali sa pamamagitan ng Zoom, bisitahin ang <https://banning-k12-ca.us.zoom.us/j/83060023852?pwd=bVNHeGdib3VIRjVxQ3JENFk1NzdtZz09>.

MGA PLANO SA MULING PAGBUBUKAS

Patuloy kaming tumutuon sa aming pagpapalano na unti-unting taasan ang antas ng in-person na pagtuturo na ibinibigay namin sa mga mag-aaral ngayong summer at patungo sa fall. Sa paggamit ng pamamaraang ito, makakatulong kami na matiyak na mapropektahan namin ang kaligtasan ng aming mga mag-aaral, makakapagpanatili ng mahusay na disiplina sa pananalapi, at makakapaghatid ng mataas na antas ng kalidad sa aming mga programang pang-edukasyon.

Nasa ibaba ang ilan sa mahahalagang update at petsa na dapat tandaan sa loob ng susunod na ilang buwan:

- Ngayong summer, mag-aalok kami ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral sa baitang K-8 upang maibsan ang pagkawala ng pagkatuto dahil sa pandemya. Magbibigay din kami ng mga opsyon para sa pagbawi ng credit para sa mga mag-aaral sa baitang 9-11. Mangyayari ang mga programang ito mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 30, 2021.
- Papalawigin namin ang akademikong taon para sa aming mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, na makakadalo sa mga in-person na programa mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 19. Magkakaroon din ng Special Education Intensive Intervention na programa para sa pagbabalik ng pagkawala ng pagkatuto mula Hulyo 20-30.
- Muli naming bubuksan ang aming mga paaralan para sa in-person na pag-aaral, na may mga opsyon para sa isang hybrid na modelo ng pagtuturo, sa Agosto 12, 2021. Mamarkahan nito ang pagsisimula ng akademikong taon 2021-22.
- Ang Summer Break ay sa Agosto 2-6, 2021.
- Ang aming araw ng pagbubukas, propesyonal na pag-unlad, at ang mga araw ng paghahanda ng guro bago ang simula ng susunod na akademikong taon ay mangyayari sa Agosto 9-11.

MGA PAPARATING NA EVENT

Serye sa Kaligtasan, Kalusugang Pangkaisipan, at Kabutihan: Kalungkutan at Anxiety

Martes, Abril 20 sa ganap na 2:00 ng hapon

[Matuto pa](#)

From the Heart Performing Arts

Tuwing Lunes at Miyerkules

[Tingnan ang flyer para sa higit pang impormasyon](#)

Virtual na Pagdiriwang ng Pagreretiro para sa mga Kawani ng Banning

Tentatibong petsa: Biyernes, Mayo 14, 4:30-6:00 ng hapon

"Huwag kailanman magsabi ng hindi, dahil ang mga limitasyon, tulad ng mga takot, ay kadalasang isang ilusyon lang. Palagi akong naniniwala na kapag ginawa mo ang trabaho, darating ang mga resulta. Gustong mangyari ito ng ilang tao, hinihiling ng ilan na mangyari ito, ang iba'y gumagawa ng paraan na mangyari ito.

— Michael Jordan